

Ang California Unemployment Insurance at Iyong Mga Karapatan sa Wika

Kung kwalipikado ka para sa unemployment insurance (UI) sa California at ang pangunahing wika mo ay hindi Ingles, dapat mong malaman ang mga bago at kasalukuyang serbisyo sa wika sa Employment Development Department (EDD), na namamahala sa mga benepisyo ng UI.

May karapatan kang tumanggap ng mga serbisyo sa wika mula sa EDD upang direkta mong ma-access ang iyong claim sa UI at mga pagbabayad. Hindi ka dapat magbayad sa sinuman para pangasiwaan ang iyong claim sa UI. Ang paggamit ng pribadong serbisyo ay hindi magreresulta sa mas mabilis na pagbabayad at maaari kang malagay sa panganib ng pandaraya at panloloko.

Kapag nagbukas ka ng claim sa UI, may karapatan kang:

- Humiling at tumanggap ng mga serbisyo sa iyong gustong wika kapag nakikipag-usap ka sa mga tauhan ng EDD sa telepono o nang personal, gamit ang tauhang multilinggwal o isang propesyonal na tagasalin o interpreter.
 - Tumawag sa 1-800-300-5616 at humiling ng interpretasyon sa iyong gustong wika.
- Kung hindi posible ang interpretasyon sa oras na humingi ka ng mga serbisyo, dapat makipag-ugnayan sa iyo ang EDD sa iyong gustong wika sa loob ng 5 araw ng negosyo, maliban sa mga limitadong pagbubukod.

May karapatan ka rin na :

- Humiling ng mga dokumento ng UI na isinalin sa iyong gustong wika.
- Ipabasa nang malakas ang mga dokumento ng UI gamit ang mga tauhan na nagsasalita ng mga wikang ito o mga propesyonal na interpreter sa iyong gustong wika, kahit na nakatanggap ka na

ng nakasulat na pagsasalin. Kung mayroon kang mga tanong, magtanong sa kawani ng EDD para malinawagan ang mga ito.

Simula sa Summer 2022:

- Mailalagay mo ang iyong gustong nakasulat at pasalita o pa-sign na wika sa iyong claim sa UI.
- Kakailanganin ng mga tauhan ng UI na suriin ang mga wikang gusto mo sa iyong paghahabol at magbigay ng mga serbisyo sa wika nang hindi mo na kailangang hilingin muna ang mga ito.

Simula sa Winter 2022:

- Matatawagan mo na ang EDD tungkol sa mga claim sa UI sa isang nakatutok na linya sa Tagalog sa telepono.
- Maa-access mo na ang mga pangunahing dokumento ng UI at mga abiso na isinalin sa Tagalog sa www.EDD.ca.gov.

Tandaan: May karapatan kang humiling ng mga serbisyo ng UI sa anumang wikang pinakakomportable sa iyo, kahit na hindi lumalabas ang iyong wika sa website ng EDD o iba pang mga abiso. Tumawag sa 1-800-300-5616 at humiling ng mga serbisyo sa iyong gustong wika.

Pakibahagi ang flyer na ito sa iyong komunidad. Ang EDD ay patuloy na pinapahusay ang mga serbisyo ng wika batay sa mga sinabi ng mga tagapagtaguyod at mga komunidad na tulad ng sa iyo.

Kung nahihirapan kang makakuha ng mga serbisyo ng UI sa iyong gustong wika, o kung mayroon kang mga ideya upang higit pang mapabuti ang pag-access sa wika, mangyaring makipag-ugnayan sa:

- Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus: (415) 896-1701
- California Rural Legal Assistance, Inc. (CRLA): (661) 854-3839
- Center for Workers' Rights: (916) 905-1625
- Legal Aid Foundation of Los Angeles (LAFLA): (800) 399-4529